VOTE
October 26

# Iyong Lungsod.
# Iyong Boto.

Halalan sa Munisipalidad ng Toronto
Lunes, Oktubre 26, 2026

# toronto.ca/Elections

Ang iyong mapagkakatiwalaang mapagkukunan para sa impormasyon ng halalan sa munisipyo.

# Maghanda para Bumoto, Toronto!

## Sino ang Maaaring Bumoto?

Para maging karapat-dapat na bumoto sa halalan ng munisipyo ng Toronto sa 2026, ikaw ay dapat:

- isang mamamayan ng Canada; at
- hindi bababa sa 18 taong gulang; at
- isang residente ng lungsod ng Toronto; o
- isang hindi residente ng Toronto, ngunit ikaw o ang iyong asawa ay nagmamay-ari o umuupa ng ari-arian sa Toronto; at
- hindi pinagbabawalang bumoto sa ilalim ng anumang batas.

Maaari ka lamang bumoto nang isang beses kahit gaano karaming ari-arian ang iyong pagmamay-ari o inuupahan sa Toronto.
Dapat kang bumoto sa ward kung saan ikaw ay nakatira.

## Hanapin ang Lahat ng Kailangan Mong Malaman

Bisitahin ang **toronto.ca/Elections** para:

- Kumpirmahin, idagdag o baguhin ang iyong impormasyon sa listahan ng mga botante (hanggang ala 7 ng gabi sa Oktubre 11).
- Hanapin kung saan at kailan bumoto.
- Alamin ang tungkol sa mga kinakailangan sa pagkakakilanlan.
- I-download o i-print ang digital na kard ng impormasyon para sa botante.
- Hanapin ang impormasyon sa pag-akses tungkol sa iyong lugar ng pagboto.
- Tingnan ang halimbawan ng balota at ang listahan ng mga kandidato sa iyong ward.

## Mga Pagpipilian sa Pagboto

### Nang Personal

Maaari kang bumoto nang personal sa panahon nang paunang pagboto o sa araw ng halalan. Hanapin ang iyong lugar ng pagboto sa **toronto.ca/Elections**.

| **Paunang Pagboto** | **Araw ng Halalan** |
|---|---|
| Oktubre 6 hanggang 11<br>alas 10:00 ng umaga hanggang alas 7:00 ng gabi | Lunes, Oktubre 26<br>alas 10:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng gabi |

## Sa pamamagitan ng Koreo

Maaari kang humiling na bumoto sa pamamagitan ng koreo sa **toronto.ca/Elections**. Ang iyong nakumpletong pakete ng Pagboto sa Koreo ay dapat matanggap ng Halalan sa Toronto bago ang Oktubre 14 ng alas-12 ng tanghali. Para maibalik ang iyong markadong balota at mga sumusuportang dokumento, gumamit ng isang ligtas na drop box ng Halalan sa Toronto o ipadala ang sobreng paunang bayad (prepaid envelope) sa pamamagitan ng Canada Post. Hanapin ang mga lokasyon at oras ng drop box sa **toronto.ca/Elections**.




**<u>Mga Mahalagang Petsa ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo</u>**

**Panahon ng kahilingan:** Mula Martes, Setyembre 1 hanggang Huwebes, Setyembre 24 ng alas 4:30 ng hapon
**Huling araw ng pagbabalik:** Miyerkules, Oktubre 14, alas-12 ng tanghali

## Sa Pamamagitan ng Kinatawan (Proxy)

Kung hindi ka makakaboto nang personal o sa pamamagitan ng koreo, maaari kang magtalaga ng ibang botante sa pamamagitan ng kinatawan upang bumoto sa iyong ngalan. Ang taong ito ay dapat karapat-dapat bumoto sa halalan ng munisipal ng Toronto sa 2026.

Para humiling ng pormularyo sa Pagtatalaga ng Kinatawan sa Pagboboto (Voting Proxy Appointment), mag-email **sa VoterRegistration@toronto.ca** o tumawag sa **311**.

**<u>Mga Mahalagang Petsa ng Pagboboto ng Kinatawan (Proxy)</u>**

**Humingi ng pormulayo para sa Pagtatalaga ng Kinatawan sa Pagboboto (Voting Proxy Appointment):** Simula ng Martes, Setyembre 1

**Ang pormularyo ng kinatawan ay dapat na patunayan nang personal bago mag-:** Lunes, Oktubre 26, alas 4:30 ng hapon

## Magpatala sa Listahan ng mga Botante

Bisitahin ang toronto.ca/Elections o tumawag sa 311 upang kumpirmahin, idagdag o baguhin ang iyong impormasyon sa listahan ng mga botante. Ang huling araw ng pagbabago sa listahan ng mga botante online ay Linggo, Oktubre 11 ng alas-7 ng gabi.

Mahalagang tiyakin na ikaw ay nasa listahan ng mga botante at tama ang iyong impormasyon, lalo na kung lumipat o nagpalit ka ng pangalan simula noong huling halalan ng munisipyo. Ang pagiging nasa listahan ng mga botante bago ka bumoto ay makakatulong upang mapabilis ang proseso ng pagboto.

Kung ikaw ay nasa listahan ng mga botante bago ang Linggo, Setyembre 20, padadalhan ka ng kard ng impormasyon ng botante (voter information card) sa pamamagitan ng koreo.

Maaari mo ring idagdag ang iyong pangalan sa listahan ng mga botante nang personal sa panahon ng paunang pagboto o sa araw ng halalan.

**Para makaboto, dapat mong matugunan ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado at magpakita ng ID, kahit na ikaw ay nasa listahan ng mga botante.**

**Pangunahing Petsa ng Listahan ng Botante**

**Huling araw ng pagbabago ng listahan ng mga botante online:** Linggo, Oktubre 11 ng alas-7 ng gabi

## Kard ng Impormasyon ng Botante [Voter Information Card]

Nakalista sa iyong kard ng impormasyon ng botante [voter information card (VIC)] kung kailan at saan boboto nang personal. Mas mapabibilis ang proseso ng pagboto kung dadalhin mo ang iyong VIC sa lugar ng botohan, ngunit hindi mo kailangan ng VIC para makaboto. Ang iyong VIC ay hindi maaaring gamitin bilang pagkakakilanlan.

**Mga Pangunahing Petsa ng Kard ng Impormasyon ng Botante**

**Makukuha online ang digital na kard ng impormasyon ng botante:** Simula ng Martes, Setyembre 1
**Ipinadala ang impormasyon ng botante sa pamamagitan ng koreo:** Simula Lunes, Setyembre 28

## Lumalaki ang mga Botante sa Hinaharap

Maaaring bumoto ang mga bata para sa 2027 Tree of the Year ng Toronto at alamin ang tungkol sa proseso ng pagboto.

**Sabado, Oktubre 10 at Linggo, Oktubre 11**
Mula alas 10:00 ng umaga hanggang alas 7:00 ng gabi
Sa lahat ng 50 lugar ng paunang pagboto



**Basswood:**
Ang aking lilim ang siyang pinaka nakapagpapalamig sa akin na puno sa parke!



**Birch na Papel:**
Ang aking mga binhi ay lumilipad nang malayo at malawak upang tulungan akong lumaki kahit saan!



**Pulang Oak:**
Ang aking mga acorn at mga dahon ay masarap na pangmeryenda para sa mga kaibigan kong hayop!



**Asukal ng Maple:**
Ang aking matamis na dagta at ang mga matingkad na kulay ay sikat sa buong mundo!



**Puting Pino:**
Ang mga karayom ko ay nagbibigay ng tirahan para sa lahat ng aking mga kaibigang hayop buong taon!

**Kilalanin ang mga Kandidato**

Ang panalong puno ay tatawaging Puno ng Taon ng Toronto sa 2027 at ipagdiriwang sa pamamagitan ng pagtatanim, pag-aalok ng mga punla sa mga paaralan, at mga libreng punla na makukuha sa lahat ng pampublikong kaganapang pamimigay ng puno.

**Bisitahin ang toronto.ca/KidsVote para sa mga masasayang aktibidad at mga mapagkukunan:**

- Alamin kung paano markahan ang isang balota.
- Tingnan kung saan boboto.
- Tuklasin kung aling puno ang may pinakamalaking dahon, ang pinakamagaspang na balat ng kahoy o ang pinakamasarap na katas.

- Alamin kung aling mga kandidatong puno ang pinakagusto ng mga bubuyog, ibon, at ardilya.

**toronto.ca/KidsVote**

## Impormasyon sa Kakayahang Maka-akses

Lahat ng lugar ng botohan ay mapupuntahan at tinatanggap ang paggamit ng mga taong sumusuporta at mga hayop na pangserbisyo. Ang impormasyon tungkol sa pagiging madaling mapuntahan ng iyong lugar ng botohan ay matatagpuan sa **toronto.ca/Elections.**

### Kakayahang ma-akses na Kagamitan sa Pagboto

- Ang Terminal Pantulong sa Botante [Voter Assist Terminal (VAT)] ay nagpapahintulot sa mga botanteng may kapansanan na markahan ang kanilang balota nang pribado at independyenteng paggamit ng iba't ibang kagamitang pantulong.
- Nagtatampok ang mga VAT ng touch screen, audio function, braille key pad, sip/puff tube na aparato, rocker paddle, at mga katangian ng zoom para ayusin ang laki ng font at contrast ng kulay.
- Magkakaroon ng mga VAT sa lahat ng lugar ng paunang pagboto at dalawang lugar ng pagboto kada ward sa araw ng halalan. Kung kailangan mo ng Terminal Pantulong sa Botante (Voter Assist Terminal) sa araw ng halalan at wala ang isa sa iyong itinalagang lugar ng pagboto, maaari mong hilingin na mailipat ang iyong balota sa pamamagitan ng pagtawag sa 311 nang maaga.

### Ibang mga Serbisyo

- Kung hindi ka makakaboto nang personal, maaari kang humiling na bumoto sa pamamagitan ng koreo o magtalaga ng isang kinatawan sa pagboto (voting proxy). Tingnan ang likod na bahagi o bisitahin ang toronto.ca/Elections para sa karagdagang impormasyon.
- Lahat ng lugar ng botohan ay may mga magnification sheet, mga tagubilin sa pagboto sa braille, mga braille ballot overlay, at mga tagubilin kung paano bumoto sa 26 na wika.
- Maaari kang magsama ng isang kaibigan o taong sumusuporta upang tumulong sa iyo.
- Kung hindi ka makakapasok sa loob ng lugar ng pagboto, maaaring dalhin ang iyong balota sa labas o sa iyong sasakyan. Tumawag sa 311 para sa karagdagang impormasyon.

- Kung inaasahan mong may isang harang sa iyong itinalagang lugar ng pagboto, maaari kang humiling ng paglilipat ng balota sa ibang lugar ng pagboto sa pamamagitan ng pagtawag sa 311 nang maaga.
- Kung ikaw ay bingi, may kapansanan sa pandinig, may kapansanan sa pagsasalita, maaari mong makuha ang impormasyon tungkol sa halalan sa pamamagitan ng pag-dial sa 711 gamit ang iyong TTY na aparato.
- Para sa karagdagang suporta sa pagiging pag-akses, makipag-ugnayan sa AccessibleElections@toronto.ca.

## Tinatanggap na Pagkakakilanlan

Para makaboto, dapat kang magpakita sa isang opisyal ng halalan ng isang piraso ng katanggap-tanggap na pagkakakilanlan (ID) na may kasamang iyong pangalan at kwalipikadong tirahan sa Toronto. Hindi kinakailangan ang photo ID.

**Mga Halimbawa ng Tinatanggap na ID:**

- Lisensya sa pagmamaneho, photo card o permit sa sasakyan (bahagi ng sasakyan) na inisyu ng Ontario.
- Pahayag ng credit card o bank account o kinanselang isinapersonal na tseke.
- Pahayag ng pagsasangla, kasunduan sa pag-arkila o pag-upa.
- Stub ng Tseke, pahayag ng T4 o resibo ng suweldo na inisyu ng isang tagapag-empleyo.
- Pahayag ng direktang deposito para sa Ontario Works o Programa ng Suporta sa Kapansanan ng Ontario (Ontario Disability Support Program).
- Paunawa sa buwis sa ari-arian o pagtatasa ng buwis sa kita.
- Singil sa kuryente, tubig, gas, telepono o cable TV.

**Elektronikong ID:**

- Maaari mong ipakita ang isang dokumento sa iyong mobile na aparato bilang ID kung ang dokumentong iyon ay inisyu nang elektroniko (halimbawa, isang digital na singil sa telepono o pahayag ng credit card).
- Hindi ka maaaring magpakita ng litrato, photocopy, o scan ng isang dokumento bilang ID kung ang dokumentong iyon ay hindi inisyu nang elektroniko (halimbawa, isang litrato ng iyong lisensya sa pagmamaneho).






**Maghanap ng kumpletong listahan ng mga katanggap-tanggap na pagkakakilanlan sa toronto.ca/Elections.**




- **Hindi mo maaaring** gamitin ang iyong voter information card bilang ID.
- **Hindi mo maaaring** gamitin ang iyong pasaporte bilang ID, dahil hindi nito ipinapakita ang iyong address.

toronto.ca/Elections | elections@toronto.ca | 311

@cityoftoronto | City of Toronto | @cityofto